

Ang paggamit ng **ICT** sa ilalim ng TGP ay isinasagawa upang mapaigting ang mga gawaing lumikha, mag-imbak, makipag-usap, magpalaganap, at pamahalaan ang impormasyon. Kasama rito ang pagpapahusay ng kakayahan sa pamamagitan ng pag-sasanay sa ICT; mabilis na pag-access ng impormasyon sa pamamagitan ng mga *link* sa *internet*; at mga mai-kling serbisyo sa pagmemensahe.



Ang **IEC** ay nagsasagawa ng mga produktong pangkomunikasyon na batay sa pagsasaliksik. Ang mga ito ay kinakailangan upang mapabilis ang paggamit ng mga teknolohiya ng mga kliyente ng FITS Center at MS. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng mga FITS Center's *Information Services Specialist*, FITS Center's *Partner Member Agency*, at *technical specialist*.

## EXCELLENT EXTENSION SERVICES BEYOND BOUNDARIES

Isinalin sa Wikang Filipino ng
**ATI Bicol Information Services Section**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa FITS Center establishment at MS Certification, sumangguni sa
Agricultural Training Institute
Regional Training Center V
Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur

**ATI Bicol**

ati.da.gov.ph/ati-5 | rtc5_dcc.ati.da.gov.ph

#ISHAREKNOWLEDGE #ATIINSPIRE

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898

# TECHNO GABAY PROGRAM


Pagpapahusay sa Kapasidad ng mga Pamahalaang Lokal upang Mapabuti ang Pag-access sa Impormasyong Pang-Agrikultura at mga Teknolohiya base sa *Executive Order 801*

Ang **TGP** ay isang *extension modality* na naglalayong mapahusay ang mga serbisyong naghahatid ng impormasyon na batay sa agham at teknolohiya para sa mga *end-user*, mga magsasaka at mangingisda.

Ang programa ay inilunsad noong 1999 ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (PCAARRD). Noong 2009, nilagdaan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang *Executive order 801* nakilala bilang "*Encouraging Local Government Units to adopt the techno gabay in their agricultural extension programs and the concerned government agencies to provide the required assistance for the purpose*".


Ang kautusang ito ay lalong nagpatibay sa pagpapatupad ng programa. Nailipat ng pambansang antas na koordinasyon ng programa mula sa PCAARRD patungong Agricultural Training Institute (ATI).

Noong 2012, ang TGP ay sinimulang isagawa ng ATI bilang isa sa mga *extension modalities*. Mayroon itong apat na bahagi:



- Farmers' Information and Technology Service (FITS) Center
- Magsasaka Siyentista (MS) or Farmer-Scientist
- Information, education and communication (IEC) support
- Information and communications technology (ICT) utilization

# TGP FRAMEWORK




Ang **FITS Center** ay nagsisilbing *one-stop service facility* upang mabilis na ma-access sa impormasyon sa agrikultura at mga teknolohiya sa pagsasaka.



Ang mga serbisyo ng FITS Center ay pinangangasiwaan ng **FITS Center Manager** na karaniwang mga opisyal na opisinang pang-agrikultura ng lalawigan o munisipyo/ lungsod ng lokal na pamahalaan.



Ang **MS** ay bukod-tanging magsasaka na matagumpay sa paggamit ng agham at teknolohiya, kabilang na ang mga katutubong teknolohiya.

Ang MS ay kaugnay ng mga FITS Center upang maibahagi ang kani-kanilang mga kadalubhasaan sa pamamagitan ng pagpapakita ng sakahan, mga serbisyong payo sa kapwa magsasaka, at bilang *resource person*.